



MGA DAPAT MALAMAN TUNGKOL SA HALALAN

PETSA NG HALALAN

Martes, Nobyembre 6, 2018

MGA KATUNGKULAN PARA SA HALALAN

Ang dalawang katungkulan para sa Konseho ng Lungsod ay may terminong magtatapos sa Nobyembre 2018:

Miyembro ng Konseho Bob Pacheco
Miyembro ng Konseho Mary Su

MGA KUWALIPIKASYON NG KANDIDATO

Dapat na nasa edad na 18 taon, isang mamamayan ng Estados Unidos, at nakarehistrong botanteng naninirahan sa loob ng mga hangganan ng lungsod ng Walnut sa panahong inisyu ang mga papel ng nominasyon. Ang mga Miyembro ng Konseho ay inihalal para sa mga panunungkulan ng apat na taon. Ang mga sumusunod na porma ay kailangan:

- Porma ng Pahayag ng Kandidato – Impormasyon tungkol sa kandidato, kasaysayan ng edukasyon, at mga kwalipikasyon para siya ay maglingkod bilang miyembro ng konseho
- Pahayag ng Pagsisiwalat ng Nakokompromisong Interes at Pahayag ng Pagsisiwalat ng Pananalapi sa Kampanya
- Mga Papel ng Nominasyon – dapat na pirmahan ng hindi bababa sa 20, ngunit hindi hihigit sa 30 balidong nakarehistrong botante ng Walnut

Ang lahat ng kinakailangang porma at mga Handbook ng Kandidato ay makukusa sa Klerk ng Lungsod ng Walnut sa petsa ng pagbubukas ng panahon ng nominasyon (113 araw bago ang munisipal na halalan). Ang mga porma ay makukuha lamang sa panahon ng nominasyon. Para sa mga mas higit pang espesipikong kwalipikasyon at mga huling araw ng pag-file, ang mga taong interesado sa pagiging kandidato ay dapat na makipag-ugnay sa tanggapan ng Klerk ng Lungsod ng Walnut sa pamamagitan ng pagtawag sa 909-348-0710 o sa pamamagitan ng pagbisita sa Munisipyo sa 21201 La Puente Road, Walnut, CA 91789, sa mga regular na oras ng tanggapan Lunes – Huwebes 7 a.m. - 6 p.m.

PANAHAON NG NOMINASYON

Ang panahon ng pag-file para sa mga nominasyon ng kandidato ay magsisimula sa Lunes, Hulyo 16, 2018 hanggang Biyernes, Agosto 10, 2018. Ang normal na oras ng pagpapatakbo ng Lungsod at Lunes – Huwebes mula 7 a.m. – 6 p.m. Dahil sa pumapatak ng Biyernes ang huling araw ng pag-file, ang tanggapan ng Klerk ng Lungsod ay magbubukas mula 7 a.m. – 12 ng tanghali sa Biyernes, Agosto 10, 2018. Kung ang sinumang kasalukuyang nanunungkulan ang hindi nag-file sa pagdating ng petsa ng pag-file sa Agosto 10, 2018, ang panahon ng pag-file ay palalawigin ng limang araw hanggang Miyerkules, Agosto 15, 2018.

MGA DOKUMENTO SA NOMINASYON AT / O MGA HANDBOOK NG KANDIDATO

Ang mga Handbook ng Kandidato ay makukuha sa unang araw ng panahon ng nominasyon, Lunes, Hulyo 16, 2018. Ang pagkuha ng mga papel ng nominasyon ay aabutin ng tinatayang 30 minuto. **Hinihiling sa lahat ng kandidatong gumawa ng appointment upang makakuha o ibalik ang mga papel ng nominasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa (909) 348-0710.**

GASTOS

May \$25 na filing fee na babayaran kapag ibabalik ng kandidato ang kanilang mga papel ng nominasyon. Ang fee na ito ay bahagi ng Ordinansa sa Kampanya at Reporma sa Halalan ng Lungsod. Ang filing fee ay maaaring talikdan para sa kandidatong sumusunod sa In-lieu-filing-fee na proseso ng petisyon na nakabalangkas sa Kodigo sa mga Halalan.

Ang mga kandidatong pumiling ipalimbag ang pahayag ng kandidato sa sampol na balota ay dapat na magbayad para sa pagpapalimbag ng pahayag na iyon, na **tinatayang \$400**. Ang sampol na balota ay makukuha rin sa mga sumusunod na wika: Tsino, Hindi, Koreano, Espanyol, at Tagalog. Ang sinaling bersyon sa alinman sa mga nabanggit sa itaas na wika ay makukuha ng mga nakarehistrong botanta sa mga lugar ng botohan o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa tanggapan ng Tagapagrehistro-Tagapagrekord/Klerk ng County ng Los Angeles.

Ang Lungsod ng Walnut ay inaatasang magkaloob ng impormasyon sa Eleksyon sa mga sumusunod na wika: Tsino, Hindi, Koreano, Espanyol, at Tagalog.

MGA INIAATAS NA PAG-UULAT NG KAMPANYA

Ang Tanggapan ng Klerk ng Lungsod ay nakahandang sumagot sa mga katanungan. Ang sagot ay karaniwang makukuha sa loob ng 24 na oras, maliban sa mga araw ng Sabado at Linggo at mga opisyal na kapistahan, na sa kasong ito ay magiging sa susunod na araw ng tanggapan.

Ang Komisyon sa mga Walang-Kinikilingang Gawaing Pampulitika (FPPC) ay nagkaloob ng libre, ekspertong payo. Ang impormasyon tungkol sa matatawagan sa FPPC ay ang mga sumusunod:

**Walang bayad (866) ASK FPPC (275-3772)
Online sa <http://www.fppc.ca.gov>**

Ang lahat ng porma para sa kampanya ay makukuha sa website ng FPPC.

Ang mga kopya ng Ordinansa sa Kampanya ng Lungsod ay maaaring makuha sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod at makikita sa website ng Lungsod: www.cityofwalnut.org.

Ang mga sumusunod na porma ay dapat i-file:

- a. Intensiyon ng Kandidato (Form 501)
- b. Humahawak ng Katungkulan/Kandidato (Form 470 - kung gumagasta ng mas mababa kaysa \$1,000)
- c. Humahawak ng Katungkulan/Kandidato (Form 460 - kung gumagasta ng mas higit kaysa \$1,000)
- d. Pahayag ng Organisasyon (Form 410 – kung gumagasta ng \$1,000 o higit pa)
- e. Ulat ng Nahuling Kontribusyon (Form 497)

Ang mga kandidato at komite ay dapat na mag-file ng mga orihinal na pahayag sa kampanya sa:

Los Angeles County Registrar-Recorder/County Clerk
Campaign Finance Section
12400 East Imperial Highway, Room 2003
Norwalk, CA 90650
Telepono: (562) 462-2339
Fax: (562) 651-2548

Ang mga kopya ng mga pahayag ay dapat na ipadala sa tanggapan ng Klerk ng Lungsod.

MGA PAGPUPULONG NG KONSEHO

Ang mga regular ng pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ay ginaganap sa ikalawa at ikaapat na Miyerkules ng bawat buwan sa ika-7 ng gabi. Ang mga espesyal o ipinagpalibang pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ay ginaganap tuwing kailangan.

ALKALDE

Ang Alkalde ay hinihirang taun-taon nang halinhinan ng Konseho ng Lungsod.

KOMPENSASYON

Ang mga Miyembro ng Konseho ay kasalukuyang binabayaran ng \$300 kada buwan at may buwanang tinatanggap na benepisyong pangkalusugan na \$700. Bilang karagdagan, ang mga Miyembro ng Konseho ay tumatanggap ng \$50 kada pagpupulong para sa pagdalo sa mga pagpupulong ng Awtoridad sa Pabahay.